Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang: 08:30 (Maynila) / 00:30 (UTC) 01 Oktubre 2021

IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

Naging estabilisado ang mga kalagayan ng pagmamanupaktura sa ASEAN para sa buwan ng Setyembre

Mga pangunahing nalaman

Umakyat ang PMI sa neutral na 50.0 na marka para sa buwan ng Setyembre

Pangmalawakang estabilisasyon ng output at mga bagong order

Tumaas ang mga gastusin sa input sa pinakamataas na rate mula noong Nobyembre 2013

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan

Pinagkunan: IHS Markit.

Kinolekta ang data noong Setyembre 13-24, 2021.

Naging estabilisado ang mga kundisyon sa pagmamanupaktura sa buong rehiyon ng ASEAN sa pangwakas na buwan ng ikatlong quarter, ayon sa pinakabagong data ng Purchasing Managers' Index (PMI™) ng IHS Markit. Kasunod ng matitinding pagbaba sa buwan ng Agosto, kapansin-pansing bumagal ang mga output at bagong order, kung saan walang masyadong nagbago sa mga bagong order sa buwan ng Setyembre habang nakapagtala ng mas mababa sa neutral na 50.0 na antas ang kaugnay na pana-panahong isinasaayos na index.

Naitala ang headline na PMI sa 50.0 na marka na naghihiwalay ng expansion at contraction noong Setyembre, na tumaas mula sa 44.5 na pinakamababang naitala sa loob ng 14 na buwan noong Agosto. Nagpahiwatig ito ng kawalan ng pagbabago sa mga kundisyon sa pagmamanupaktura sa buwang ito, na nagwakas ng tatlong buwang magkakasunod na pagbagsak. Gayunpaman, ang average na tala sa ikatlong quarter, na 46.3, ang pinakamababa mula noong ikalawang quarter ng 2020, at ang pangalawang pinakamababang naitala.

Nagtala ng pag-unlad ang tatlo sa pitong kasaping bansa sa ASEAN sa kalagayan ng mga kaukulang sektor ng pagmamanupaktura ng mga ito noong Setyembre. Nakita ang malakas na pagtaas sa Singapore, kung saan bumangon ang headline na PMI sa 53.4 sa buwan ng Setyembre mula sa 44.3 sa buwan ng Agosto, na nagpapahiwatig ng matatag na rate ng paglago. Sinundan ito ng Indonesia, na nagtala ng unang pag-unlad sa kalagayan ng sektor na gumagawa ng mga produkto mula noong Hunyo. Ang headline na index (52.2) ay nagpapahiwatig ng katamtamang pagbuti sa mga pangkalahatang kundisyon.

Ang Pilipinas lang ang isa pang kasaping bansang nakitaang bumuti ang kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura nito. Dito, bumalik ang PMI (50.9) sa paglago pagkatapos ng tuloy-tuloy na contraction sa buwan ng Agosto, kung saan pinakamabilis ang rate ng paglago nito mula noong Marso, ngunit katamtaman lang sa pangkalahatan.

ipinagpatuloy…

Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

"Sa pangwakas na buwan ng ikatlong quarter, nakitang naging estabilisado ang mga kundisyon sa pagmamanupaktura sa ASEAN kasunod ng tatlong buwang pagbagsak. Kapansin-pansing bumagal ang output, at bahagya lang ito, kung saan hindi nagbago sa pangkalahatan ang mga bagong order sa buwang ito.

"Nakatulong sa bahagyang mas mahusay na performance ang pagbabalik sa pag-unlad ng tatlo sa pitong kasaping sektor ng pagmamanupaktura - ang Singapore, Indonesia, at ang Pilipinas – kung saan bumagal ang mga rate ng pagbagsak sa mga natitirang bansa, bukod sa Vietnam.

"Sa pangkalahatan, nananatiling iregular ang kalagayan ng sektor sa buwan ng Setyembre. Nakadaragdag ang mga pressure sa inflation sa mga panganib ng pagbagsak, kung saan itinatampok ng pinakabagong data ang pinakamalaking pagtaas sa mga pasaning gastos sa loob ng halos walong taon. Patuloy na negatibong naaapektuhan ng mga paghihigpit kaugnay ng COVID-19 at dumaraming kaso sa mga bahagi ng rehiyon ang mga producer ng produkto, at hanggang sa humupa ang mga ito, maliit ang posibilidad na makakakita tayo ng kapansin-pansing pagbalik sa pag-unlad para sa sektor ng pagmamanupaktura."

© 2021 IHS Markit

PMI™ By IHS Markit

Sa iba pang mga bansa, nakapagtala ang Thailand ng higit pang pagbagsak sa mga kundisyon sa pagmamanupaktura sa buwan ng Setyembre, dahil nananatiling mahina ang demand ng kliyente, sa kabila ng pagtaas sa output sa gitna ng bahagyang mas bumuting sitwasyon sa pandemya. Dahil dito, nagpakita ang headline na index (48.9) ng pinakamabagal na rate ng contraction sa loob ng tatlong buwan.

Gayundin, naging pinakamabagal ang rate ng contraction sa Malaysia sa kasalukuyang apat na buwang magkakasunod na pagbagsak (PMI: 48.1) sa pangwakas na buwan ng quarter.

Sa ibang bansa, nakitaan din ang Myanmar ng mas mabagal na rate ng pagbaba noong Setyembre, bagama't sa 41.1, nagpapahiwatig pa rin ang PMI ng mabilis na pagbagsak sa mga kundisyon sa pagmamanupaktura.

Panghuli, naitala sa Vietnam ang ikaapat na magkakasunod na buwan ng contraction noong Setyembre, habang patuloy na naaapektuhan ang sektor ng kasalukuyang pagbugso ng pandemya ng COVID-19 at mga sunod-sunod na hakbang sa pag-lockdown. Hindi nagbago ang PMI mula sa tala noong Agosto na 40.2, at ipinahiwatig nito ang pangalawang pinakamabilis napagbagsak sa kalagayan ng sektor mula noong nagsimula ang survey noong Marso 2011.

Sa pangkalahatan, nananatiling iregular ang kalagayan ng sektor na gumagawa ng mga produkto sa ASEAN sa buwan ng Setyembre. Patuloy na bumabagsak ang output, bagama't bahagya lang, habang nagiging estabilisado na ang mga bagong order, ngunit hindi pa rin nakakabalik ang mga ito sa paglago.

Bilang resulta, patuloy ang pagbabawas ng trabaho sa loob ng ikadalawampu't walong magkakasunod na buwan, kung saan nananatiling mabilis ang rate ng pagbaba sa employment. Ito ay sa kabila ng naitalang pagdami ng mga backlog ng trabaho.

Kasabay nito, patuloy rin ang pagkaantala sa supply. Tumagal ulit ang mga average na lead time para sa mga input, at naging mas malubha ang mga pagkaantala kumpara noong Agosto.

Tumindi rin ang mga pressure sa inflation. Tumaas ulit ang mga pasaning gastos sa pinakamabilis na rate mula Nobyembre 2013, kung saan sunod-sunod na itinaas ng mga producer ng produkto ang kanilang mga average na singil sa pinakamabilis na rate sa loob ng mahigit pitong taon.

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Makipag-ugnayan

Lewis Cooper
Economist
IHS Markit
Telepono: +44 1491-461-019
lewis.cooper@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
Telepono: +44-207-260-2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokoleksta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Kinolekta noong Setyembre 13-24, 2021 ang data ng Setyembre 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa ihsmarkit.com/products/pmi.html.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

© 2021 IHS Markit